Pahayag para sa Press
Naka-embargo hanggang 0830 PHT 1 Abril 2026 / 00:30 UTC 1 Abril 2026

# S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

## Biglang tumaas ang mga presyo ng input ng mga nagmamanupaktura sa Pilipinas sa gitna ng pagtaas ng mga gastos sa enerhiya noong Marso

Marso 2026

Mas kaunting pagtaas ng output at mga bagong order

Naantala ang aktibidad sa pagbili

Mga panibagong pressure sa gastos dulot ng digmaan

Pagkatapos ng maigting na pagbuti noong Pebrero, nagpahiwatig ang pinakabagong data ng PMI ng bahagyang mahinang performance ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa pagtatapos ng unang quarter.

Ayon sa mga pahayag, ang pagkawala ng momentum ng pag-unlad para sa parehong output at mga bagong order ay nagmula nang husto sa kawalan ng katiyakan ng customer sa gitna ng digmaan sa Middle East, kung saan nakapagtala rin ang mga kumpanya ng panibagong pagbaba sa mga bagong order sa export, paghinto ng aktibidad sa pagbili, at pressure sa mga imbentaryo.

Nagresulta ang mga ulat ng mas matataas na presyo ng gasolina at fuel, pati na rin ang mga kakulangan sa materyales, sa karagdagang paghina ng performance ng vendor, at mas mahalaga, mga panibagong pagtaas sa mga gastusin sa pagpapatakbo at factory gate na singil. Matindi ang pressure ng inflation sa buong kasaysayan noong Marso.

Pagkatapos magtala ng 54.6 noong Pebrero, na nagpahiwatig ng matinding pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo na pinakamataas na naitala mula noong Nobyembre 2017, ang Philippines Manufacturing Purchasing Managers' Index™ (PMI®) ay bumaba sa pinakamababang naitala sa loob ng tatlong buwan na 51.3 noong Marso. Binigyang-diin nito ang ikaapat na magkakasunod na buwan ng pagbuti sa kalagayan ng sektor at na katamtaman sa pangkalahatan, pero nagpahiwatig din ito ng kapansin-pansing pagbagal sa bilis ng pag-unlad.

Ang nakitang pagkawala ng momentum sa pag-unlad ng mga bagong order ang nagdulot ng bahagyang mahinang sitwasyong ito. Pagkatapos ng mabilis na pagtaas sa nakaraang buwan, ipinakita ng data para sa Marso ang isang mas nalilimitahang pagdami.


Ang panibagong pagbaba sa mga bagong benta sa export ang nagpabagal sa bilis ng pagtaas ng kabuuang mga bagong order. Bagama't katamtaman ang pinakabagong pagbaba, minarkahan nito ang unang buwan ng pag-contract mula noong nakaraang Disyembre. Binanggit ng mga kumpanya na nagdulot ang digmaan sa Middle East ng mas mahinang demand mula sa mga kliyente sa ibang bansa.

Dahil dito, isinaayos ng mga kumpanya ang kanilang mga antas ng produksyon. Katamtaman ang pagtaas sa output; gayunpaman, mas mabagal ang bilis ng pag-unlad kumpara sa matinding pagdami na naitala noong Pebrero, at sa katunayan, ito ang pinakamahina sa kasalukuyang tatlong buwang magkakasunod na pagtaas. Binigyang-diin ng mga kumpanya na nakaapekto sa pag-unlad ang mas mataas na presyo ng fuel at kakulangan sa materyales, dahil sa digmaan sa Middle East.

Bilang tugon sa pagbagal ng mga pagdami sa output at mga bagong order, inihinto ng mga kumpanya sa pangkalahatan ang kanilang aktibidad sa pagbili noong Marso. Ang kaukulang pana-panahong nagbabagong index ay nakapagtala ng mas mababa lang nang kaunti sa 50.0 na neutral na marka, na tinapos ang tatlong buwang magkakasunod na pag-unlad.

Philippines Manufacturing PMI

Index, sa, >50 = pagbabago mula sa nakaraang buwan




Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.
Ang data ay nakolekta noong 12-24 Marso 2026.

### Komento

Sinabi ni Maryam Baluch, Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Ang digmaan sa Middle East ay nakaapekto sa performance ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, ipinahiwatig ng data ng PMI noong Marso. Dahil nasa panganib ang pinagmumulan ng malaking bahagi ng supply ng langis ng bansa na mula sa mga Gulf na bansa, nagdeklara ang Pangulo ng isang pambansang emergency sa enerhiya. Nalantad ang mga nagmamanupaktura sa Pilipinas sa mga biglaang pagbabago sa mga presyo ng langis at fuel na kumakalat sa mga pandaigdigang merkado, na ipinahiwatig sa pamamagitan ng mga kapansin-pansing pagtaas ng mga gastos at singil, at mas mahihinang kundisyon ng demand. Samantala, inihinto ang aktibidad sa pagbili at bumagal ang pagdami ng output at paggawa ng trabaho. Direktang makakaapekto ang tagal at tindi ng digmaan sa takbo ng sektor sa mga paparating na buwan, dahil pinipigilan ng mga pressure ng inflation ang mga benta at pagtatakda ng pagpepresyo."

PMI®
by S&P Global

© 2026 S&P Global


Talagang nabawasan ang ilang pressure sa mga supply chain dahil sa paghinto ng aktibidad sa pagbili, kung saan nakapagtala sa Marso ng matindi pero hindi gaanong kapansin-pansing paghina sa performance ng vendor. Gayunpaman, tumagal ang mga average na lead time ng mga input sa ikaapat na magkakasunod na buwan, kung saan batay sa mga pahayag ay iniuugnay ang pinakabagong round ng mga pagkaantala sa mas mataas na presyo ng gasolina at fuel, at mga kakulangan sa materyales.

Dahil tumataas ang produksyon, pero nahihirapan ang mga kumpanya na makatanggap ng mga input sa tamang oras, pinili ng mga kumpanya na gamitin ang kanilang mga stock ng input noong Marso. Katamtamang bumaba ang mga holding ng mga item bago ang produksyon sa unang pagkakataon sa loob ng apat na buwan.

Nagdulot ng pagtaas ng parehong mga gastos at singil noong Marso ang mas mataas na gastos sa enerhiya (kabilang ang fuel at gasolina) at kakulangan sa materyales, na nagmula sa digmaan sa Middle East. Sinundan ito ng mga bahagyang pagbabawas sa nakaraang buwan. Dagdag pa rito, mabilis ang mga rate ng inflation sa mga gauge ng presyo sa buong kasaysayan.

Pagdating sa trabaho, nag-ulat ng paggawa ng trabaho sa ikatlong magkakasunod na buwan noong Marso. Gayunpaman, bahagya ang bilis ng pag-unlad at pinakamabagal ito sa sunod-sunod na pag-unlad na ito. Samantala, katamtaman ang pagdami ng mga backlog ng trabaho, na pinakamabilis sa loob ng apat na buwan. Nangangahulugan ang mga pagkaantala sa pagtanggap ng mga input na nahirapan ang mga kumpanya na tapusin ang mga bagong trabaho.

May kumpiyansa ang mga nagmamanupaktura sa Pilipinas na tataas ang produksyon sa paparating na 12 buwan noong Marso. Tumaas ang antas ng positibong pananaw sa pinakamataas sa loob ng apat na buwan. Umaasa ang mga kumpanya na bubuti ang mga kundisyon ng demand, na makakatulong sa paghimok ng pag-unlad.




Mga Pinagmulan: S&P Global PMI, Philippines Federal Reserve via S&P Global Market Intelligence . ©2026 S&P Global.

## Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
Ekonomista
S&P Global Market Intelligence
T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

Eri Amano
APAC Serior Communications Manager
S&P Global Market Intelligence
Tokyo
+81 (0) 80 3714 7658
eri.amano@spglobal.com
press.mi@spglobal.com

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring magemail sa press.mi@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

## Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya , batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@spglobal.com.

## S&P Global

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon. www.spglobal.com.

## PMI mula sa S&P Global

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya.
www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi

## Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng S&P Global Inc o nakalisensya sa S&P Global Inc.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot na nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggagarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagigig availabile ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.



© 2026 S&P Global